WAVES
Snapshot
Pilipinas
Oktubre 2015



# Southern Palawan Ecosystem Accounts


Photo Credit: Ana P. Santos / World Bank

**Ang Pilipinas ay sumasailalim sa pagkukuwenta o pagtutuos ng mga serbisyo at benipisyong naidudulot ng ating likas na yaman sa Katimugan ng Palawan bilang isa sa walong mga kaanib na bansa na nagpapatupad ng World Bank's WAVES (Wealth Accounting and the Valuation of Ecosystem Services).**

**Ang pagbuo at pagpapalaganap ng "ecosystem account" para sa Katimugang Palawan ay isang gawaing binubuo ng iba't ibang ahensya ng gobyerno. Ito ay pinapangunahan ng pambansa at panlalawigang tanggapan ng Kagawarang ng Kapaligiran at Likas na Yaman (DENR), kasama ng Palawan Council for Sustainable Development (PCSD) at pakikipagugnayan sa mga internasyonal at mga lokal na eksperto.**

**Ang pangunahing metodolohiya na ginamit ay tinaguriang "ridge to reef" kung saan masusing sinusuri ang mga kabundukan, kapatagan at babayaying dagat ng Rehiyong kinabibilangan ng Katimugang Palawan, Pulot Watershed at mga baybaying dagat ng Sofronio Española.**

**Ang mga resulta patungkol sa pagkukuwenta o pagtutuos ng mga serbisyong dulot ng ating likas na yaman na tumatalakay sa land-cover, carbon sequestration, crop-production at kalagayan ng mga baybaying dagat mula 2003 hanggang 2010 ay makakatulong sa pagbibigay ng tamang impormasyon upang makapagpatupad ng nararapat na pamamahala ng likas na yaman sa Katimugang Palawan. Ito ay naglalayong maisaayos ang kumpitisyon sa paggamit ng kalikasan bilang minahan, eco-turismo, pangisdaan at sakahan sa paraang maka-ikonomiya, makakalikasan at makatao.**




Larawan 1. Lokasyong ng proyekto ng Phil-WAVES sa Katimugang Palawan: Pulot Watershed, Sofronio Espanola; Mga kasamang mapa: Mapa ng Katimugang Palawan at Mapa ng Pilipinas

## Kalagayan ng mga kabundukan

Ang Katimugan ng Palawan ay dumanas ng pagkawala ng kagubatan mula taong 2003 hanggang 2010, subalit nagkaraon ng bahagyang paglago ang kagubatan mula 2010 hanggang 2014. Ang paglago ng kagubatan ay maaaring maiugnay sa pagsusumikap ng iba't ibang sector ng pamahalaan upang ipatupad ang mga batas patungkol sa pangangalaga ng kagubatan at pagpapatupad ng mga programang ukol sa pagpapalawig ng kagubatan.

## Carbon Sink

Ang "carbon sink" ay isang natural na sistema ng mga puno at halaman na mag-imbak ng carbon dioxide na nagmumula sa pagsusunog ng "fossil fuels".

Mula sa pagiging "carbon emitter" noong 2010, ang Rehiyon ng Palawan ay naglalayon na maging "carbon sink" sa 2014 upang makatulong sa pagsasawata ng epekto ng pagbabago ng klima.

Ang kabuuang "carbon stock" na nakaimbak sa kabundukan ay bumaba mula sa 21 milyon tonelada ng C noong 2003 hanggang 15 milyong tonelada ng C noong 2010. Ngunit ito naman ay tumaas ng 16 milyong tonelada ng C nang 2014.

Ang pagbaba ng "carbon stock" sa kagubatan noong 2003 maaaring maiugnay sa pagbaba "closed-canopy forest" at sa malawakang pagbabago ng iba pang gamit ng lupa sa Palawan. Samantala ang pagtaas ng "carbon stock" noong taong 2014 ay kaakibat ng unti-unting paglawak muli ng lupaing nakatalaga para sa kagubatan.

WAVES
www.wavespartnership.org
Wealth Accounting and the Valuation of Ecosystem Services

## Patubig at produktong pang-agrikultura

Base sa resulta ng pag-aaral,may naitalang 20 poryento ng kalupaan sa Pulot Watershed na inilaan na pagtatanim ng oil palm. Ang mga lupaing itinalaga bilang taniman ng oil palm ay galing sa mga lupang dating nakatalaga bilang kabundukan, "shrubland", "grassland", sakahan at mga lupaing walang tanim.

## Kalagayan ng mga baybayin dagat sa Palawan


Ang mga bakawan, "seagrass beds" at bahura sa karagatan maitutuing na pangunahing likas yaman na nagsisilbing tirahan ng libo-libong "species" sa dagat. Ang mga ito rin ay nakakapagdulot ng iba't-ibang serbisyong pangkalikasan at benepisyo sa tao tulad ng pagbibigay ng pagkain at nagiging proteksiyon o panangga laban sa malakas na alon.

Mula 2001 hanggang 2010, mapapansin ang malubhang pagbaba ng bilang ng mga bahura at bakawan sa baybayin at mga karagatan ng Palawan. Subalit wala namang makikitang pagbaba ang populasyon ng "seagrasses".


## Ang pagpapanatili at pangangasiwa ng pag-unlad sa Katimugang Palawan

- Paano ba mapapamahalaan ng mahusay ang epekto ng minahan sa kalikasan?
- Paano ba mapapangasiwaan ang kompetisyon ng paggamit ng likas na yaman sa Katimugang Palawan upang mapanatili ng pag-unlad at maiwasan ang kahirapan, maitaas ang pambansang kita at magkaroon ng inklusibong paglago ng ekonomiya para sa nakakarami?
- Paano ba mapapanatili ang positibong epekto na pagtatanim ng punongkahoy sa kagubatan?
- Paano maibabalanse ang paglago ng ekonomiya kaalinsabay ang paglago ng antas ng kabuhayan ng tao upang makaiwas sa kahirapan habang pinapanatili ang pag-unlad gamit and likas na yaman ng kapaligiran?


Larawan 2: Kabuuang paglawig ng lupaing ginagamit sa agrikultura at industriya ng pagtatanim sa Pulot watershed.




Larawan 3. Halaga ng mga benepisyong naidudulot ng likas na yaman sa produksyon ng palay, mais, niyog at oil palm.




Larawan 4. Kalagayan ng mga halamang dagat ayon sa Seagrass Species Diversity (Shannon Index) base sa mga lugar na sinusubaybayan, Sofronio Española, Palawan, 2001 and 2010.




**Makukuha ang buod ng polisiyang ito sa www.wavespartnership.org**

WAVES

WORLD BANK GROUP

1818 H Street, NW,
Washington, DC 20433 USA

Ang proyektong ito ay pinapangasiwaan ng World Bank. **Ang Wealth Accounting and the Valuation of Ecosystem Services** ay isang proyektong sinasapian ng buong mundo upang masiguro and patuloy na pag-unlad sa pamamagitan pagsisiguro na ang likas na yaman ay naitatala at kabilang sa pambansang kwenta tungo sa pag-unlad ng ekonomiya.